**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume V, Issue I**
**August 2023**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*************************************************************************************************

# WIKANG FILIPINO: MGA HIRAYA'T DOGMA NITO

**ni: ERIKA MARIE D. DIMAYUGA**

Wikang Filipino nati'y isang haligi
na pinanday ng panahon at salinlahi
Bawat salitang minumutawi,
binibigkis nito ang ating pagkakakilanlan.

Sa ating arkipelagong mahal, pagkakaisa'y ikinintal,
Sa dulo ng ating mga dila'y nagningas ang sulo,
Na siyang gumuhit sa kulturang ating pinagyaman.
Sisidlan ng wikang Filipino'y pina-usbong sa kalupaan.

Sa daluyong ng Karagatang Pasipiko'y nangibabaw ang kagitingan,
Pulutong ng ating mga salita'y ipinag-alab ng ating mga bayani
Salamin ng ating kultura na hinilamusan ng sinag ng araw at buwan,
Ito'y maihahalintulad sa tapestriyang walang patlang ang karikitan.

Tatas ng ating dila sa wikang Filipino'y tila isang talim,
Na siyang bumabaon at umuukit sa panibagong karanasan at kasaysayan
Ating sariling wika'y patuloy na ibinabandera sa iba't ibang saliw ng musika't sining,
Wikang nagmulat sa atin sa Maykapal; patuloy na manalig nang walang panimdim.

Binhi ng wikang Filipino'y sa paglaon ay lalong pinalago,
Nagsilbing sandata at kalasag sa mga dayuhang nanakop

*************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
*************************************************************************************************

# INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume V, Issue I

August 2023

*Available online at https://www.instabrightgazette.com*


************************************************************************************************

Sa pagkampay ng pakpak ng agila tungo sa paroroonan,

Baon nito'y mga hiraya nating mga Pilipinong hinubog ng wika't kultura.

Hangin'y bumulong, tangan ang oyayi ng ina,

Sa musmos na isipan ng Pilipinong sanggol ay nagmarka,

Himno ng pagmamahal at matamis na pangako ng magandang bukas,

Kultura't wikang Filipinong kinagisnan, saanman mapadpad ay hindi magpapahimakas.

************************************************************************************************


**Editorial Team**

**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan

**Associate Editor**: Andro M. Bautista

**Managing Editor**: Raymart O. Basco

**Web Editor**: Nikko C. Panotes

**Manuscript Editors / Reviewers**:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto


************************************************************************************************